# Balitang Manmin

BILANG 127  MARSO 1, 2015


# “Bibiyayaan ng Diyos Sinuman”

## Nagbibigay ng Biyaya ang Diyos Dahil sa Pagsunod

### “Ito ay pagpapala ng Diyos”

Minahal ko ang mga kasamahan ko sa trabaho, pinaglingkuran ko sila. Napili akong isa sa pinakamahusay na opisyal para sa taong 2014. Ginawaran ako ng Prime Minister’s Award.





### “Biniyayaan ako ng Diyos ng tunay na kapahingahan”

Magmula noong nagsisi ako at sinimulang panatilihin ang Araw ng Panginoon, naging mapayapa ang puso ko at nagkaroon ng pagpapala ang negosyo ko.

### “Kumilos ang Diyos para sa ikabubuti ng lahat ng bagay”

Isinuko ko ang lahat sa Diyos. Nanalangin at naghintay ako, Naging pagpapala ang problema ko, nadagdagan ang ikapu ko.



Dapat ipangaral ng isang iglesya ang Salita ng buhay na tumatagos sa kaluluwa at espiritu, kasukasuan at utak. Tumanggap ng Salitang ito ang mga miyembro ng Manmin mula kay Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Nakilala nila ang Diyos.

Nahihirapan si Kap. Deokyoung Choi (litrato 1), 54 taong gulang, na panatilihing banal ang Araw ng Panginoon dahil tenyente siya ng kapulisan ng Metropolitan Police Agency sa Seoul. Ikinlulungkot niya ito sa harapan ng Diyos. Gusto niyang isabuhay ang natutuhan niyang salita ng buhay sa trabaho niya, pero nagsimula siyang mamuno sa mas mahihirap at hindi kanaisnais na destino. Samantala, noong Disyembre 31, 2014, napili siya bilang isa sa isandaang pinakamagagaling na opisyal sa South Korea. Iginawad sa kanya ang Prime Minister’s Award.

Sinabi ni Kap. Choi, “Sa palagay ko nais ng Diyos na palakasin ang loob ko kaya ginawaran ako ng pagkilala. Nagkasakit ako ng malaria labindalawang taon na ang nakaraan, kamuntik na akong mamatay, pero gumaling ako dahil sa panalangin ni Dr. Jaerock Lee. Hindi ko makakalimutan ang pagpapalang ito. May kasiguruhan ako dahil sa panalangin niya kahit maidestino ako sa mga lugar kung saan may mga kapahamakan, aksidente, at kaguluhan.” Nagpasalamat din si Kap. Choi kay Dr. Lee na nanalangin para sa kanya at sa pamilya niya na naglingkod sa kanya.

Nagtatrabaho si Kap. Sanghun Oh (litrato 2), 55 taong gulang, sa Korea Broadcast Advertising Corporation. Kailan lang, tumanggap siya ng malaking biyaya dahil pinanatili niyang banal ang Araw ng Panginoon. Matagal siyang hindi nagsimba at pinabayaan niya ang pananampalataya niya, trabaho ang ginamit niyang dahilan. Nagsisi siya ng taos-puso, determinadong gumawa ng desisyon.

Magmula noon, binasa na niya ang Biblia at ang mga libro ni Dr. Lee. Dahil dito nagkaroon siya ng hangaring mapanatili ang Araw ng Panginoon. Nagbibiyahe siya papunta sa probinsya nang dalawang beses sa isang buwan, nananatili siya doon ng mga ilang araw. Pero ngayon, bumabalik siya sa Seoul tuwing Linggo, sumasakay siya sa KTX, isang napakabilis na tren. Samantala, noong Disyembre 31, 2014, tumanggap siya ng Minister of Science, ICT at Future Planning Award para sa bahagi niya sa pagpapasigla ng industriya ng pagbobrodkast.

Labinlimang taon nang nagtatanim ng Chinese chives sa Yangju, probinsya ng Gyeonggi si Diakono Wonkyu Song (litrato 3), 46 taong gulang. Noong Disyembre 31, 2014, tumanggap siya ng pagkilala mula sa Gobernador ng Gyeonggi para sa kanyang bahagi sa pagsisimula ng pagtatanim ng Chinese chives na organic at walang halong mga kemikal. Napakahalaga ng award na ito kay Diakono Song dahil sa hindi magandang pangyayari noong Abril 2014 sa pagpapadala at pagbebenta ng chives.

“Para makabenta, dumadaan sa 250 pagsusuri ang produkto kong chives. Pero may nakitang kakaiba sa mahigit na dalawang pagsusuri. Nagtaka ako dahil ni hindi ako gumamit ng pestisidyo. Nalaman ko, nagmula ang kontaminasyon sa mga makinang hindi gaanong nilinis.”

Sa napakahalagang sandaling ito, isinuko ni Diakono Song ang lahat sa kamay ng Diyos, nanalangin siya at naghintay. Kinumpirma ng National Agricultural Products Quality Management Service na may problema nga sa mga makina sa biglaang pagsusuri nila. Pumirma siya ng ibang kontrata sa mas malaki at mas magandang pagawaan. Dahil naayos niya ang problema, tinawagan ulit siya ng dati niyang suki, gusto nitong makipagnegosyo ulit sa kanya.

Haharap sa mga hindi inaasahang paghihirap ang mga tao sa buhay nila. Gayon pa man, kung hindi sila magpapatalo sa kasamaan, magninilay sa Salita ng Diyos, at hahanap ng mabuting paraan, kikilos ang Diyos para sa ikabubuti ng lahat ng bagay. Ipinaparamdam ng Diyos ang presensya Niya habang sumusunod sila sa Kanya, at inaaliw at pinapasaya Niya ang mga puso nila.

Mababasa sa 1 Samuel 15:22, “Ang pagsunod ay mas mabuti kaysa alay...” Pinupuri ng Diyos ang mga sumusunod sa mga natututuhan nila sa Salita Niya. Pinoprotektahan din sila ng Diyos at pinapanatili silang ligtas sa mga aksidente at kapahamakan. Tumatanggap ng dakilang pag-ibig mula sa Diyos ang mga anak Niya, ito ay biyaya Niya sa kanila.

# “Huwag Kang Magiging Sinungaling na Saksi Laban sa Iyong Kapwa”



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

“Huwag kang magiging sinungaling na saksi laban sa iyong kapwa.” (Exodo 20:16)

Malakas ang loob ng ibang taong sabihing hindi sila nagsisinungaling. Pero sa mata ng Diyos, na Siya mismo ang katotohanan, madalas magsinungaling ang karamihan. Maliit na dungis lang ito o kaunting bahid lang na makikita kapag nasikatan ng araw. Hindi ito madaling makita sa dilim. Pag-aralan natin ang tungkol sa pagsisinungaling.

### 1. Sabihing ginawa ninyo ang hindi ninyo ginawa, at sabihing hindi ninyo ginawa ang ginawa ninyo

Sa isang paglilitis, malaki ang negatibong epekto ng sasabihin ng isang sinungaling na saksi. Sa prosesong ito, ang mga salita niya ay may direktang kinalaman sa magiging hatol. Dahil sa sinungaling na saksi, maaaring mahatulan ang isang inosenteng tao, at pwedeng masentensyahan siya ng kamatayan.

Ayon sa Biblia, dapat maging maingat ang saksi at ang hukom. Sinasabi nito na hindi lang isang saksi ang dapat pakinggan kundi dalawa o tatlo para maunawaan ng tama ang situwasyon. Dapat ding parusahan ang sinungaling na saksi (Deuteronomio 19:15-20).

Ipinapahiwatig nito sa atin na hindi dapat nagsisinungaling ang mga anak ng Diyos, kahit tungkol sa maliliit na bagay. Bukod dito, pagsisinungaling din ang pananahimik sa halip na sabihin ang totoo. Halimbawa, nakita nating inaakusahan ang isang tao dahil sa kasalanang tayo ang gumawa, pero nanahimik lang tayo. O kaya, may binili tayo sa isang tindahan, sobra ang sukling ibinigay, tinanggap natin ito. Hindi natin pwedeng sabihing mapagtitiwalaan tayo. Nais ng Diyos na huwag tayong magsinungaling. Gusto Niyang maging tapat ang mga puso natin, pati na ang lahat ng sasabihin at gagawin natin.

Kung minsan nagsasabi ang mga tao ng ‘white lies’. Halimbawa, kung may magtatanong sa inyo kung kumain na kayo, at dahil nahihiya kayo sa kanya, sasabihin ninyong nakakain na kayo, pero sa totoo lang, hindi pa. Sa situwasyong ito, mas mabuti pang maging tapat, “Hindi pa, pero huwag mo kaming alalahanin.”

May ganito ding situwasyon sa Biblia. Nang tangkaing patayin ni Saul sa David, itinago siya ni Jonathan sa parang, hindi niya sinabi sa ama niyang si Saul ang katotohanan. Sa halip, sinabi niya na nakipagkita si David sa mga kapatid niya. Kahit nagsinungaling siya, nailigtas naman niya si David.

Sa nakita natin dito, kung magsisinungaling tayo na mayroong mabuting intensyon at walang makasariling hangarin, hindi tayo hahatulan ng Diyos. Pero kung nasa mas mataas na ang antas ng pagiging mabuti natin, hindi na mangyayari ito, hindi na tayo mapipilitang magsinungaling o magasabi ng ‘white lie’. Gagawa ng paraan ang Diyos para ilayo tayo sa ganoong situwasyon. Dapat magkaroon tayo ng tapat na puso, karunungan mula sa Diyos, at palaging gumamit ng malinis at magiliw na pananalita dahil batid ng Diyos ang kaibuturan ng puso natin, hindi natin Siya madadaya.

### 2. Magdagdag at magbawas ayon sa sariling saloobin at damdamin

Kapag may ibinabalita ang isang tao, kadalasan, binabawasan o dinadagdagan niya. Kung ginawa niya ito na may mabuting intensyon, parang hindi masama ang ginawa niya. Pero kung may masamang hangarin siya, magiging dahilan ito ng pagaaway-away. Problema ito. Kahit wala siyang idagdag o ibawas, mag-iiba din ang kahulugan ng ibinabalita niya ayon sa tono ng pagsasalita niya.

Halimbawa, pag sinasabi ang salitang “Bakit?”, pwede itong sabihin nang may pagmamahal, at “Bakit?” na nagpapakita ng galit o pangangatwiran. Nagbibigay ito ng magkaibang kahulugan. Mahirap maghatid ng mensahe mula sa ibang tao sa eksaktong paraan ng pagkakasabi nang pinagmulan, parang naka-record. Pero dapat nating sikaping ayon sa orihinal na paraan o intensiyon ang paghahatid natin.

Huwag nating ihatid ang mensahe kung hindi ito makakatulong o hindi magiliw, kahit tama ang tono ng paghahatid natin. Kahit mabuti ang hangarin natin sa paghahatid ng mensahe, malulungkot ang makikinig nito. Magkakalayo ang damdamin nila sa isa’t isa.

Mababasa sa Mateo 12:36-37, “Subalit sinasabi ko sa inyo, na sa araw ng paghuhukom ay pananagutan ng mga tao ang bawat salita na binigkas na walang ingat. Sapagkat sa pamamagitan ng iyong mga salita ay pawawalang sala ka at sa pamamagitan ng iyong salita ay mahahatulan ka.” Umaasa ako na magiliw at makakatulong ang mga salita ninyo para kilalanin kayong matuwid ng Diyos.

### 3. Manghusga at mamintas sa iba nang hindi nalalaman ang kalooban nito

Nanghuhusga ang tao ayon sa saloobin at damdamin niya batay sa nakita niya sa mukha at pagkilos nito, o kaya sa boses nito. Dumaan sa harapan ninyo ang kaibigan ninyo, hindi niya kayo napansin. Baka malabo ang mga mata niya o may iba siyang iniisip. Pero iisipin ninyo, “Binalewala niya ako” o, “Galit ba siya sa akin?”

Kahit mabilis nating maramdaman ang damdamin ng isang tao dahil malapit siya sa atin, hindi pa rin natin siya lubos na mauunawaan. Napakaraming hindi nakakaunawa, nanghuhusga, at masama ang loob; Sinisiraan at pinipintasan ang ibang tao dahil ginagamit nila ang sariling pamantayan. Ito ay pagiging ‘sinungaling na saksi’ dahil magkakalat sila ng isang bagay na nagmumula sa sariling pananaw na hindi naman totoo at baka iba naman sa tunay na damdamin ng taong iyon. Kung makikisama tayo sa taong nanghuhusga, nagiging sinungaling na saksi din tayo.

Iniisip ng karamihan sa makalamang tao na susuklian ng masama ang kasamaang ginawa nila sa ibang tao sa parehong situwasyon. Ibig sabihin, iniisip ng isang taong mandaraya na dadayain din siya ng iba. Iniisip ng isang taong walang pakialam sa iba na babalewalain din siya ng iba. Samakatwid, huwag nating husgahan o hatulan ang ibang tao ayon sa sariling pamantayan.

Kung ipinapamalita ng isang tao ang mga pagkakamali at mga kapintasan ng ibang tao, mas malaking kasalanan ang ginagawa niya (Mateo 7:1-5). Malalaman lang natin ang mga pagkakamali ng ibang tao kung iwawaksi natin ang sariling kasamaan at magpapakabanal. Pero sa totoo lang, pagkatapos nating iwaksi ang sariling kasamaan, hindi na rin natin hahanapin ang mga kamalian ng ibang tao. Hahanapin natin ang mga positibong katangian niya, pagtatakpan natin ang mga kapintasan niya.

Sinasabi ng Santiago 4:11, “Mga kapatid, huwag kayong magsalita ng masama laban sa isa’t isa. Ang nagsasalita laban sa kapatid, o humahatol sa kanyang kapatid ay nagsasalita ng masama laban sa kautusan, at humahatol sa kautusan. Ngunit kung ikaw ay humahatol sa kautusan, hindi ka na taga-tupad ng kautusan, kundi isang hukom.” Sinasabi nito na ang paghusga at paghatol sa kapatid ay malaking kasalanan. Nagpipilit kayong maging Diyos, Siya lang ang tanging Hukom.

Ang isang pang bagay na dapat nating tandaan ay huwag nating husgahan ang Salita ng Diyos ayon sa ating mga saloobin. Magagawa ng Diyos ang mga bagay na imposibleng gawin ng tao. Kaya huwag nating sabihin at isipin na may mali sa Salita.

Kung minsan, nagsisinungaling ang mga tao kahit wala silang masamang intensyon. Pinapalaki o binabawasan nila ang katotohanan. Pwedeng sabihing kumain ng ‘marami’ ang isang tao, pero pwede ring sabihing ‘kinain niya lahat’. Pwedeng sabihin ng isa pa na ‘wala nang natira’ kahit may kaunti pang natira. Maririnig nating, ‘Lahat sumasang-ayon’ kahit ilan lang naman talaga ang totoong sumasang-ayon.

May mga taong nagbabalita ng bilang ng isang bagay kahit hindi naman nila tiyak kung ilan talaga. Kahit wala silang intensyong magsinungaling, pagsisinungaling pa rin ito. Narito ang isang halimbawa kung saan naghatid ng mensahe ang isang tao ayon sa sarili niyang saloobin. Sa isang hapag kainan, kumakain ang amo kasabay ng maraming tao, sinabi niya, “Kakaunti ang laman ng mesa.” May nakarinig nito, sinabi niya ito sa katabi niya, “Wala daw ulam na karne sa mesa.” Parang maliit na bagay lang ito, pero ‘nagdadagdag – bawas’ kayo ng mga bagay.

Kung katotohanan lang ang laman ng puso ng tao, hindi siya magdadagdag o magbabawas ng kahit ano. Hindi niya ilalagay ang sariling damdamin o saloobin. Kaya kung walang katotohanan ang sinasabi ninyo, kahit maliit na bagay lang ito, dapat malaman ninyong ang likas na pagkasinungaling ay nasa pagkatao pa ninyo. Kung hindi pa ninyo iwinawaksi ang ugat nito, kapag nagipit kayo, magsisinungaling kayo, makakasakit kayo sa iba. Nakikiusap ako sa inyo na iwaksi na ninyo ito nang lubusan.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, bilang mga anak ng Diyos na Siyang mismo ang Liwanag, nakikiusap ako sa inyo na sikapin ninyong magkaroon ng pusong dalisay, walang kasinungalingan kahit sa maliliit na bagay. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na magliwanag nawa ang Diyos sa inyong mga daan, maging kalasag o panangga sa mga kahirapan, at magbuhos ng mabubuting bagay sa buhay ninyo habang lumalakad kayo sa katotohanan (Mga Awit 84:11).

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng “The Apostles' Creed” o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

“Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito.” (Ang Mga Gawa 17: 25)

“Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas.” (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 152-848
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Ipangaral ang Ebanghelyo – Para sa Kaligtasan ng Kaluluwa!



Nais ng mapagmahal na Diyos na marinig ng lahat ng tao ang ebanghelyo para maligtas. Hinihimuk Niya ang mga anak Niya na tumanggap ng Banal na Espiritu na ipangaral at ipamalita ang ebanghelyo (1 Mga Taga-Corinto 1:21). Ang dahilan nito ay sapagkat hindi mauunawaan ng mga tao ang mga bagay tungkol sa Diyos dahil sa limitadong talino nila kung hindi sila tutulungan ng mga mangangaral. Tapat na ipinamahagi ni Apostol Pablo ang ebanghelyo sa mga Hentil. Sinabi niya sa 1 Mga Taga-Corinto 9:16, "Sapagkat kung ipinangangaral ko ang ebanghelyo, ay wala akong dahilan upang magmalaki, sapagkat ang katungkulan ay iniatang sa akin. Kahabag-habag ako kung hindi ko ipangaral ang ebanghelyo!"

Dapat nating malaman na responsibilidad at tungkulin ng isang Cristiano ang pangangaral sa lahat ng panahon. Pag-aralan natin ang mga paraan sa pagbabahagi ng ebanghelyo para magabayan ang mga kaluluwa patungo sa Diyos.

## 01 Mangaral tayo ayon sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu

Sinasabi ng 1 Mga Taga-Corinto 4:20, "Sapagkat ang kaharian ng Diyos ay hindi sa pananalita, kundi sa kapangyarihan." Kaya tanggapin muna natin ang katapangan at kalakasan mula sa Diyos sa pamamagitan ng sapat na pananalangin. Mangaral nang may lakas ng loob mula sa Diyos at kapuspusan mula sa Espiritu. Sinabi ni Apostol Pablo sa 1 Mga Taga-Corinto 2:4, "Ang aking pananalita at ang aking pangangaral ay hindi sa pamamagitan ng mapang-akit na mga salita ng karunungan, kundi sa pagpapamalas ng Espiritu at ng kapangyarihan."

Hindi sa pamamagitan ng kakayahan natin ang pangangaral, ito ay sa tulong ng Banal na Espiritu. Dapat nating matulungan ang mga nakikinig na hindi mananampalataya na mabuwag ang makalaman na mga saloobin nila para maniwala sila sa Diyos sa ilalim ng gabay ng Banal na Espiritu. Napakahalaga ng kaalaman tungkol sa Salita ng Diyos.

Sapagkat ang Salita ng Diyos ay tumatagos hanggang sa pinaghihiwalayan ng kaluluwa at espiritu, ng mga kasukasuan, at ng utak sa buto (Sa Mga Hebreo 4:12), naitataboy at nawawasak nito ang kaaway na diyablo at Satanas.

Kaya kung ipapanalangin natin ang mga babahagian natin ng Salita ayon sa kapangyarihan ng Espiritu, hahaplusin ng Diyos ang puso nila, mauuhaw sa espirituwal na mga bagay ang puso nila, kaya magbubunga ang pangangaral natin.

## 02 Tulungan natin sila na makita ang kahalagahan ng ebanghelyo

Ang ebanghelyo ni Jesu-Cristo ay ang pinakamahalagang mensahe ng katotohanan sa buong mundo. Gayon pa man, dahil hindi ito nalalaman ng mga tao, ayaw nilang marinig ang tungkol dito. Mas mabuting maghintay ng tamang pagkakataon sa pangangaral hanggang sa makita nila mismo ang kahalagahan nito sa halip na ipilit na tanggapin nila ito.

Pwede natin silang tulungan, anyayahan natin sila sa mga espesyal na okasyon ng iglesya, bigyan sila ng mga naka-record na mga sermon, o mga libro, o ng Balitang Manmin. At kapag dumating ang tamang pagkakataon, pwede na natin silang kausapin at tulungang tanggapin ang ebanghelyo nang hindi sila pinipilit.

Hindi lang sa mga salita pwedeng ipangaral ang ebanghelyo. Marami pang ibang paraan na babagay sa situwasyon ng makikinig. Ito ang paraan para makapagdala ng mas maraming tao sa Diyos.

## 03 Dapat nating ilabas ang mabangong samyo ni Cristo nang may pag-ibig at pagmamalasakit

Ipakita natin ang pagmamahal at pagmamalasakit natin, manalangin tayo. Kung isasabuhay natin ang Salita ng Diyos, maglalabas tayo ng mabangong samyo ni Cristo. Hahaplusin ng mga salita at gawa natin ang puso ng mga tao. Mas mabilis nilang tatanggapin ang ebanghelyo kapag nangaral tayo.

Maging magalang tayo, batiin at kumustahin natin sila palagi. Magpakita tayo ng interes sa mabuting kalagayan nila, maging mahinay. Kung mapapalagay ang loob nila sa atin, malaking tulong ito sa paggabay natin sa kanila patungo sa Diyos.

Pwede nating ipatikim sa kanila ang masasarap na pagkain natin, makiramay sa malulungkot na pangyayari sa buhay nila at makisaya sa masasayang okasyon. Tumulong tayo sa paglutas ng mga problema nila para maging masaya at magpagpasalamatt sila sa atin. Maaari din nating ipangaral ang ebanghelyo sa mga may karamdaman at mga dukha habang tumutulong sa pinansyal na pangangailangan nila.

Siyempre hindi lang sa mga maysakit, dukha, at matatanda tayo magbabahagi ng ebanghelyo. Bigyan natin ng pagkakataon ang lahat ng tao na makarinig nito, walang limitasyon.

Samakatwid, isipin nating mabuti kung saan tayo mangangaral at kung papaano para malugod ang Diyos. Alagaan nating mabuti ang mga nadala natin sa iglesya para magpatuloy sila sa pagdalo at maging masigasig sa buhay nila bilang mga Cristiano.

## 04 Alamin ang mga interes o problema ng mga tao, magbigay ng espirituwal na tulong sa kanila

Sa pang-apat na kabanata ng Juan, nakipag-usap si Jesus sa isang Samaritana. Kinuha Niya ang interes nito tungkol sa mga espirituwal na bagay, pagkatapos pinawi Niya ito. Sa ganitong paraan Niya ipinangaral sa babaeng ito ang ebanghelyo. Tulad ng halimbawang ito, tugununan ninyo ang pinakamahalagang pangangailangan ng tao sa iba't ibang paraan. Sagutin ang mga katanungan nila, at magmungkahi ng mga paraan sa paglutas ng mga problema nila.

Tulungan natin sila sa paglutas ng mga problema nila at sa pananalangin nila sa Panginoon. Ipagpalagay nating mayroong may karamdaman. Sabihin natin kung paano sila makakatanggap ng pagpapagaling, ipangaral natin sa kanila ang tungkol sa Diyos na Nagpapagaling.

Kung may problema sila tungkol sa negosyo, ituro natin sa kanila na sundin ang Salita ng Diyos at hindi ang karunungan ng tao. Ipangaral natin ang Diyos na lumulutas ng kahit na anong problema. Pasasaganahin Niya ang lahat ng bagay. Naipaliwanag na kanina, habang nagbibigay tayo ng solusyon sa mga problema nila, ipangaral natin ang ebanghelyo.

## 05 Pinakamahalaga, alagaan ang mga dumalo sa iglesya

Hanggang sa makatayo sila sa bato ng pananampalataya, ipagpatuloy natin ang pangangalaga sa mga nagsimulang dumalo sa iglesya sa pamamagitan ng pananalangin, pagbibigay ng payo, at pagbisita sa tahanan nila para lumago sila sa pananampalataya. Bukod dito, tulungan natin silang gawing pang araw-araw na pagkain ng espiritu nila ang Salita, para hindi sila matukso ng mga pagsubok. Ipagpatuloy natin at ng ibang miyembro ang pagpapakita ng interes at pagmamahal sa kanila.

Higit sa lahat, ipakilala natin sila sa pastol para magtiwala at sumunod sila sa kanya. Matutulungan sila nito na magkaroon ng malalim na pananampalataya. Ngayong batid na natin ang kamangha-manghang pag-ibig at pagpapala ng Diyos, tanggapin natin ang kapangyarihan Niya para maging masigasig sa pangangaral ng ebanghelyo ng kabanalan sa lahat ng tao!

# "Uminom ng Pestisidyo ang Biyenan Ko, Nabuhay Siya Dahil sa Pagpapala ng Diyos"

**Kap. Abigail Tamang,** 37 taong gulang, Manmin Mission Center, Nepal




◄ Si Kap. Abigail Tamang (gitna), kasama ang biyenan niyang binuhay ng makapangyarihang panalangin ni Dr. Lee at iba pang mga miyembro ng pamilya.

Noong Oktubre 2014, tinawagan ako ng bayaw ko para sabihing kritikal ang kondisyon ng biyenan kong babae. Nagtangka siyang magpakamatay sa pag-inom ng nakakalasong pestisidyo, inabuso kasi siya ng asawa niya at binalewala ng ibang miyembro ng pamilya. Dalawang oras na ang nakaraan bago siya natagpuan ng mga bilas ko. Itinakbo siya ng mga ito sa isang maliit na ospital malapit sa bahay kung saan pinilit siyang pasukahin. Pero malala na siya, nawalan na siya ng malay. Dadalhin siya sa mas malaking ospital sa Kathmandu.

Pagkababa ko ng telepono, kinausap ko si Pastor Grace Lee ng Manmin Mission Center sa Nepal tungkol dito. Tinanggap naming dalawa ng pitong beses ang panalanging naka-record ni Punong Pastor Dr. Jaerock Lee para sa mga maysakit. Habang papunta sa mas malaking ospital ang mga kapamilya ko, sinikap kong papuntahin sila sa Mission Center. Tinanggap namin ng pitong beses pa ulit ang panalangin ni Dr. Lee na naka-record (Automated Response System).

Nang sandaling iyon, nagkamalay ang biyenan ko, nakilala niya kami. Inilipat namin siya sa malaking ospital. Noong una, ipinilit ng doktor na ilagay siya sa Intensive Care Unit sa loob ng 15 araw. Pero naniwala ako na lubos siyang pinagaling ng Diyos dahil idinalangin siya ni Dr. Lee.

Walang nakitang lason sa pagsusuring ginawa sa kanyang puso, dugo, ihi, at iba pa. Pinatunayan ito ng resulta ng mga pagsusuri! Nabigla ang doktor, "Uminom siya ng nakakamatay na pestisidyo, paano kayang naging normal ang kalagayan niya?" Naniwala ang biyenan ko na ito ay sapagkat kumilos ang Diyos. Kahit may nararamdaman siyang kaunting pagkahilo, sakit ng tiyan at ulo, pinauwi siya mula sa ospital. Isinama ko siya sa bahay ko.

Kinabukasan, araw ng Linggo, magkasama kaming nagsimba. May ilang beses siyang idinalangin ni Pastor Grace Lee gamit ang panyo na pinanalanginan ng Punong Pastor Dr. Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12). Uminom din siya ng Muan Sweet Water. Mabilis ang pagbuti ng kalusugan niya, hindi nagtagal napakalusog na niya. Hallelujah!

Sa totoo lang, hindi sang-ayon ang biyenan ko sa pagsisimba naming mag-asawa. Dating monghe ang biyenan kong lalaki, dumaan siya sa asetismo. Samantala, lasinggero din siya, palagi siyang nakikipag-away sa mga miyembro ng pamilya. Naawa ako sa kanila kaya idinalangin ko sila at binahagian ng ebanghelyo ng kabanalan. Dahil sa nangyari, tinanggap nila ang Panginoon. Ang lahat ng ito ay dahil sa kapangyarihan ng Diyos, nagpapasalamat at niluluwalhati ko Siya!

## "Damang-dama Ko ang Kasiyahan sa Pagiging Tunay na Cristiano"

Diakono Jungkil Lee,

81 taong gulang, Parokya 7, South Korea

Masaya kaming mag-asawa, pareho kaming matanda na. Masaya kami dahil batid at nararanasan namin ang tunay na pag-ibig ng Diyos bawat araw. Tinatamasa namin ang tunay na buhay bilang mga Cristiano.

Dumadalo ako sa isang iglesya sa Busan bago ako dumalo sa Manmin Central Church. Nagsisimba ako para maging mapayapa ang isipan pero nasisiyahan pa rin ako sa paglalasing at paglalaro ng 'Go-stop' kasama ang mga kaibigan ko. Naawa sa akin ang anak kong si Pastor Seokkyu Lee, Katuwang na Pastor ng Parokya 14, niyaya niya akong pumunta sa Seoul para magkasama kaming isabuhay ang pananampalataya namin. Ayaw ko sana, pero sinabi ko sa kanya na kung mabibili sa malaking halaga ang bahay ko, sasama ako sa kanya.

Dahil sa panalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee, naibenta ang bahay ko sa pinakamataas na presyo, matagal ko na itong ipinagbibili. Bukod dito, nakakita kami ng maayos na bahay sa Seoul kinabukasan. Lumipat na kami doon.

Magmula noong Hulyo 12, 2009, nagsimula akong dumalo sa Manmin Central Church. Ginising ng mga mensahe ng Punong Pastor ang buhay ko bilang isang Cristiano, nagbago ito ng lubusan. Dinaluhan ko ang lahat ng pagsamba, huminto ako sa pag-inom ng alak, nagsimulang makinig ng mga mensahe, magbasa ng Biblia, at isabuhay ang Salita.

Samantala, naranasan ko ang kapangyarihan ng Diyos. Sampung taon nang malalaki at namamaga ang mga ugat ko sa binti, parang may malalaking bulating nakapalibot dito. Gusto kong mapagaling at mawala ang mga ito. Bago maganap ang retreat sa tag-init ng Manmin para sa taong 2014, pinakinggan ko ang serye ng sermon tungkol sa "The Seed of Life" sa mga pagtuturo tungkol sa Genesis. Noong Agosto 4, 2014, tinanggap ko ang panalangin ng Punong Pastor nang may pananampalataya sa isang seminar sa retreat. Natapos ang retreat, umuwi ako. Kinaumagahan, napansin kong nawala na ang malalaki at namamagang ugat sa binti ko. Hallelujah!

Namaga at lumaki ang mga ugat ko sa binti dahil sa pagkasira ng mga 'vein valves'. Dahil sa panalangin ng Punong Pastor, naging normal ito kahit hindi ipinagamot. Kamangha-mangha!

Nawala din ang pananakit ng kanang siko ng asawa kong si Punong Diakonesa Deoksun Kim, dalawang taon na siyang pinapahirapan nito. Lahat ng pagpapasalamat at luwalhati ay para sa Diyos na nagpakita ng tunay na daan sa pananampalataya at niloob na magkaroon kami ng malusog na buhay sa espiritu at katawan.



▲ Dinala si Diakono Jungkil Lee sa iglesya ng anak niyang si Pastor Seokkyu Lee, gumaling ang malalaki at namamagang mga ugat niya sa binti. Tumatamasa siya ngayon ng malusog na buhay.

**Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas**

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714